

Pagsuporta sa mga abot-kayang pabahay na proyekto

Disyembre 7, 2022

Ang pamahalaan ng Alberta ay namumuhunan ng \$55 milyon sa loob ng tatlong taon upang matiyak na ang mga Albertan ay may higit na pag-akses sa abot-kayang pabahay.

Noong 2021, ipinakilala ng pamahalaan ng Alberta ang isang 10-taong estratehiya upang palawakin ang abot-kayang pabahay na tinatawag na Mga Mas Matatag na Pundasyon (Stronger Foundations). Ang estratehiyang ito ay naglalagay sa Alberta sa tamang landas upang madagdagan ang abot-kayang mga yunit na pabahay ng 25,000. Ang paglulunsad ng Pakikipagsosyo sa Abot-kayang Pabahay na Programa (Affordable Housing Partnership Program) ay isang mahalagang hakbang sa pagtitiyak na ang pabahay ay madaling ma-akses para sa mga Albertan sa buong lalawigan.

Alam ng pamahalaan ng Alberta na ang bawat pamilya at indibidwal na pangangailangan para sa abot-kayang pabahay ay iba at nagtatrabaho ang bagong Pakikipagsosyo sa Abot-kayang Pabahay na Programa (Affordable Housing Partnership Program) upang matiyak na natatanggap ng mga Albertan ang uri ng pabahay na kailangan nila.

"Ang ating pamahalaan ay nakatuon sa pagtitiyak na ang abot-kayang pabahay ay naa-akses sa buong lalawigan. Sa pamamagitan ng pakikipagsosyo sa mga tagapagbigay ng pabahay, mga hindi pangkalakal na organisasyon, mga munisipalidad at mga pribadong kumpanya, tiwala ako na matutugunan namin ang mga pangangailangan ng mga Albertan. Natutuwa akong makita ang mga hakbang na ginagawa upang makatulong na ipatupad ang aming 10-taong estratehiya sa abot-kayang pabahay, ang Mga Mas Matatag na Pundasyon (Stronger Foundations)."

Jeremy Nixon, Ministro ng mga Nakatatanda, Komunidad at Panlipunang mga Serbisyo

Kaugnay na impormasyon

[Pakikipagsosyo sa Abot-kayang Pabahay na Programa \(Affordable Housing Partnership Program\)](#)

[Estratehiya ng Mga Mas Matatag na Pundasyon sa abot-kayang pabahay](#)

Mga katanungan sa media

Hunter Baril
Hunter.Baril@gov.ab.ca
780-619-5774
Kalihim ng Press, mga Nakatatanda, Komunidad at mga Panlipunang Serbisyo

Ang bagong Pakikipagsosyo sa Abot-kayang Pabahay na Programa (Affordable Housing Partnership Program) ay bukas para sa mga aplikasyon upang matulungan ang mga pampubliko, hindi pangkalakal at pribadong sektor na magtulungan upang magtayo at maghatid ng abot-kayang pabahay para sa mga nakatatanda, mga pamilya, mga indibidwal na may mababang kita, mga may kapansanan sa pag-unlad, mga pisikal na paghamon, mga biktima ng karahasan, at iba pa.

Ang mga panukala para sa mga pagpapaunlad na may isang abot-kaya, panlipunang pabahay o espesyalisadong bahagi ng pabahay ay tatanggapin mula Disyembre 7, 2022 hanggang Enero 11, 2023. Maaaring kasama sa mga proyekto ang mga pagdaragdag, mga pagsasaayos, mga pagpapalit, muling mga pagpapaunlad o bagong konstruksyon.

“Nalulugod ang Silvera sa patuloy na pagtutuon ng pamahalaan sa pagsusulong ng abot-kayang estratehiya nito na Mga Mas Matatag na Pundasyon (Stronger Foundations). Ang anunsyo ngayong araw ay nagbibigay-diin sa mahalagang papel ng mga magkasamang pakikipagtulungan sa pagtitiyak na ang mga Albertan na mababa at katamtaman ang kita ay may akses sa mga opsyon sa abot-kayang pabahay. Ang Silvera ay may mga proyektong nakahanda na pagaganahin sa pamamagitan ng anunsyong ito at magbubukas ng kinakailangang pamumuhunan mula sa lahat ng mga kautusan ng pamahalaan.”

Arlene Adamson, punong ehekutibong opisyal, Silvera para sa mga Nakatatanda at Presidente, Asosasyon ng mga Nakatatanda at Pangkomunidad na Pabahay ng Alberta

“Kami ay nalulugod na makita ang Pamahalaan ng Alberta na sumusulong sa pangako nitong magbigay ng ligtas, matatag na abot-kayang pabahay para sa mga nangangailangan. Sa pamamagitan ng bagong programang ito sa pagpopondo, inaasahan namin ang pagtataguyod ng mga pagkakataon sa pakikipagsosyo sa pamahalaan upang makapagbigay ng mas abot-kayang pabahay sa ating rehiyon. Ang pamumuhunan sa abot-kayang pabahay ay isang pamumuhunan sa mga Albertan. Nagpapasalamat kami sa Pamahalaan ng Alberta para sa kanilang patuloy na suporta sa mga mahihinang indibidwal at mga pamilya.”

Robin James, punong pang-administratibong opisyal, Awtoridad sa Pabahay ng Lethbridge at Bise Presidente Timog na Rehiyon, Asosasyon ng mga Nakatatanda at Pangkomunidad na Pabahay ng Alberta

"Malugod na tinatanggap ng Civida ang anunsyo sa Pakikipagsosyo sa Abot-kayang Pabahay na Programa (Affordable Housing Partnership Program). Ang mga pakikipagsosyong pangako na ito ay tutulong sa Civida sa pagbubuo ng bagong halo-halong kita na abot-kayang pabahay at magbibigay ng higit pang mga opsyon sa pabahay para sa mga Edmontonian na higit na nangangailangan nito. Ang programang ito ay umaayon sa aming estratehikong priyoridad para sa mga bagong pag-unlad at tinutulungan ang Civida na pataasin ang kapasidad nito na bumuo at pamahalaan ang mga napakainam na proyekto sa pagtatayo."

Gord Johnston, punong ehekutibong opisyal, Civida

Ang mga tagapagbigay ng pabahay ay maaaring humiling ng panlalawigang suporta ng hanggang sa isang-katlong kabuuang halaga ng proyekto sa anyo ng isang kapital na gawad, lupa o kontribusyon sa gusali, at/o paglilipat o pangmatagalang pag-upa ng isang pag-aaring ari-arian ng pamahalaan.

Ang mga panukala ay tatasahin batay sa mga pangangailangan ng lokal na komunidad, kakayahang makamit ang mga resulta para sa mga Albertan na may mga mababang kita, at ang halaga para sa mga dolyar ng nagbabayad ng buwis.

Ang mga detalye sa pagiging karapat-dapat at ang proseso ng aplikasyon ay matatagpuan sa online sa alberta.ca/affordable-housing-partnership-program.aspx.

Mabilis na mga Katotohanan

- Ang Kapital na Plano 2022 ay naglalaan ng \$281 milyon sa loob ng tatlong taon upang magkaloob ng 2,300 bago at muling nabuong abot-kayang mga yunit ng pabahay.
- Susuportahan nito ang mahigit sa 2,000 mga trabaho sa buong lalawigan.
- Isang halo ng mga bagong subsidya sa mga kapital sa pagtatayo at renta ang magsisilbi sa humigit-kumulang 3,900 mga bagong sambahayan sa susunod na tatlong taon.